

## Mahal na mga magulang at tagapag-alaga,

Ang bawat bata ay lumalaki sa kanyang sariling bilis at maaaring gagawa ng mas marami o mas kaunting mga gawain kaysa nakalista sa ilalim ng bawat pangkat ng edad. Kung kayo ay nag-aalala tungkol sa paglaki ng bata, makipag-ugnayan sa doktor ng inyong anak. Ang kasangkapang ito ay nagmumungkahi ng ilang gawain na maaari ninyong gawin kasama ng inyong mga anak upang himukin ang kanilang paglaki. Mag-enjoy sa panonood at pagtulong sa paglaki ng inyong anak!

### AKO AY MAAARING...

- Sumunod sa aking galaw at mga tunog gamit ang aking mga mata at sa pamamagitan ng pagbaling ng aking ulo.
- Gumulong mula sa akin g tiyan papunta sa aking likod.
- Mag-react sa mga malalakas na ingay.
- Tumingin/lumingon mula sa inyo o umiyak kapag kailangan ko ng pahinga mula sa isang gawain.
- Ngumiti at tumawa.
- Umiyak upang sabihin sa inyo na kailangan ko ang isang bagay. Maaaring ako ay nagugutum, nasasaktan o basa
- Mapansin ang aking mga kamay.
- Gustong maglagay ng mga bagay sa aking bibig.
- Ilipat ang isang bagay mula sa isang kamay papunta sa kabilang kamay.
- langat ang aking ulo habang nakahiga nang nakataob.
- Isipa ang aking mga paa at igalaw ang king mga bisig.
- Matulog nang matagal.
- Gumawa ng mga tunog, tulad ng *aah* at *ooh*.
- Lumaguklok at humuni.
- Maglaro sa aking mga kamay at paa.
- Tumingin sa inyong mga mata.

### AKO AY MAAARING...

- Gumawa ang tunog, tulad ng *bbbb*, *dada*, *gaga*, o *mama*.
- Uminom mula sa isang tasa at magsimulang kumain ng solidiong mga pagkain sa tulong ninyo.
- Ulit-ultin ang mga galaw upang makatulong na matuto ako.
- Maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng “hindi.” (Ngunit maaaring hindi ako susunod sa inyo.)
- Gayahin ang mga tunog at galaw na ginagawa ninyo.
- Panatilihin nakatayo ang aking ulo at umupo nang walang suporta.
- Tumugon sa aking pangalan.
- Gumulong mula sa aking likod papunta sa aking tiyan.
- Gumagalaw-galaw gamit ang aking tiyan o gumapang.
- Abutin ang mga bagay sa harapan ko.
- Kilalanin kayo mula sa mga estranghero.
- Ilabas/ipasok ang mga bagay sa isang sisidlan.
- Hawakan ang mga bagay gamit ang aking mga kamay.
- Ilapit ang aking sarili sa mga bagay.
- Kumaway ng “paalam.”

### UPANG MAKATULONG SA AKING PAGLAKI...

- Haplusin ang aking ulo at balat.
- Upang mapatahimik ako, tapikin nang mahina ang aking likod, kargahin/uguyin/ilakad-lakad ako, o gumamit ng mahinang boses.
- Ilayo ako sa malalakas na ingay.
- Magsalita nang mahina at awitan ako.
- Tumingin sa aking mga mata at palaging ngumiti.
- Palitan ang aking diaper kaagad kapag basa o marumi ito.
- Bigyan ako ng mga ligtas na laruan, tulad ng plastik/gomang bilog, mga rattle, o malalambot na bagay.
- Huwag akong ihagis sa hangin o alugin ako.
- Magpakita sa akin ng mga aklat na may malalaki, makukulay na larawan at iba't ibang kayarian.
- Iwasang mabuway-buway ang aking ulo. Mahihina ang mga kalamnan ng aking leeg.
- Igalaw-galaw ang mga bagay nang dahan-dahan sa aking harapan, upang masundan ko ito gamit ang aking ulo at mga mata.

### UPANG MAKATULONG SA AKING PAGLAKI...

- Umawit o magpatugtog ng mga awit na may maraming pag-uulit.
- Ilagay ang mga bagay na maaaring makabulon sa akin nang hindi ko naaabot.
- Bigyan ako ng espasyo upang igalaw ang aking mga braso at paa.
- Makipaglaro sa akin, tulad ng “Pat-a-Cake” at “Peek-a-Boo.”
- Basahin ang mga aklat na may malalaki, makukulay na mga larawan at iba't ibang kayarian.
- Bigyan ako ng mga ligtas na laruan na maaari kong kagatin, ihampas, alugin, o ihagis, tulad ng mga bloke at tasa.
- Bigyan ako ng mga ligtas na bagay/laruan na nakagagawa ng tunog at kakaiba ang pakiramdaman/itsura mula sa isa't isa.
- Sa gabi, tulungan ako na paginhawain ang aking sarili gamit ang aking paboritong kumot, musika, o stuffed na hayop.
- Habang natututo akong makipag-usap at ipakita sa iyo ang aking gusto/hindi ko gusto, tumugon sa mga tunog at galaw ng katawan na ginagawa ko.

Pagkasilang hanggang  
6 na Buwan

6 hanggang  
12 Buwan

Kahit na hinahangad namin na magbigay ng napapanahon at tamang impormasyon, ang ilang impormasyon ay maaaring nagbago mula sa pag-imprinta ng kasangkapang ito.

©2014 Children's Home Society of California

[www.chs-ca.org](http://www.chs-ca.org)



CHILDREN'S  
HOME  
SOCIETY OF  
CALIFORNIA

## 12 hanggang 18 Buwan

### AKO AY MAAARING...

- Sumagot sa isang tanong, tulad ng "Nasaan ang bola?" sa pamamagitan ng pagturo.
- Tandaan ang mga bagay na nangyari sa nakalipas na mga oras o isang araw.
- Maging mapili sa aking pagkain.
- Kumain gamit ang aking mga daliri.
- Lumakad nang walang suporta, ngunit maaari akong gumapang minsan.
- Gumawa ng mga bagay na sinabi ninyong hindi ko gawin.
- Uminom mula sa isang tasa nang mag-isa, ngunit maaari kong maibuhos.
- Gayahin kayo.
- Magsimulang mag-isip ng mga paraan upang lutasin ang mga problema.
- Sumama ang loob kapag malayo ako sa inyo.
- Ipatong ang isang bagay sa ibabaw ng ibang bagay.
- May maikling haba ng atensiyon.
- Umiyak, manghampas, o mag-aalburuto kapag ako ay nabibigo.
- Sumunod sa simpleng mga tagubilin.
- Ilipat ang pahina ng isang aklat.
- Magsabi ng 10-15 salita.



### UPANG MAKATULONG SA AKING PAGLAKI...

- Magbigay ng mapagpipilian sa akin.
- Tiyakin na nakapagpapahinga ako nang sapat.
- Maglakad-lakad kasama ko.
- Magsalita nang dahan-dahan sa akin nang harapan.
- Magbigay sa akin ng maliliit, malalambot na piraso upan pakainin ang aking sarili.
- Kapag nabibigo ako, himukin akong gumamit ng mga salita.
- Ulitin ang aking mga paboritong aklat, mga rima, mga awit, at mga kwento.
- Makipag-usap sa akin tungkol sa kung ano ang aking nararamdaman, naririnig, nakikita, naaamoy, at nalalalahan.
- Himukin ako na magsanay sa pagbubuhay, pag-akyat, paghila, at pagtulak.
- Maglaro ng taguan at mga laro ng daliri kasama ko, tulad ng "Itsy Bitsy Spider."
- Papurihan ako ng mga salitang tulad ng "Tamang trabaho!" o "Nagsisikap ka nang mabuti!"



## 18 hanggang 24 Buwan

### AKO AY MAAARING...

- Gumamait ng kutsara at tinidor.
- Gumamit ng mga salita na nakatuon sa aking sarili, tulad ng "Ako, ko, at akin."
- Bumigkas ng 15-50 salita at gumamit ng mga bagong salita bawat buwan.
- Sipain ang isang bola paabante.
- Magsabi ng dalawang pangungusap, tulad ng "Hawakan ako!"
- Makipagpalitan.
- Tulungan kayo sa pagbibihis at paghuhubad sa akin.
- Kayang gumawa ng mga tunog na ginagawa ng mga hayop.
- Magpangalan ng mga simpleng larawan sa isang aklat.
- Magagawang magpangalan at magturo sa mga parte ng katawan.
- Lumakad paakyat at pababa ng hagdan sa inyong tulong.
- Umakyat, tumalon, tumakbo, at maglakad.
- Hindi gustong maki-share.
- Igalaw ang aking katawan sa musika.

### UPANG MAKATULONG SA AKING PAGLAKI...

- Bigyan ako ng malalaking krayola upang magsulat.
- Tulungan ako na ilagay sa mga salita ang aking mga nararamdaman.
- Tulungan ako sa pagkain gamit ang isang kutsara at uminom gamit ang isang straw.
- Bantayan ako dahil ako ay maaaring gumaga-gala
- Bigyan ako ng mga laruan na maaaring akong magsalin, magsalok, pumisil, at magpatong.
- Bigyan ako ng ligtas na mga bahay sa loob at labas ng bahay upang ako ay makapaglibot-libot.
- Magbasa sa akin at hikayatin ako na maghanap ng mgabagay sa mga larawan.
- Makipag-usap sa akin at magsabi tungkol sa kung ano ang aking ginagawa. Halimbawa: "Iginugulong mo ang bola."
- Bigyan ako ng ga laruan kung saan makapaglalaro ako ng "kunwa-kunwarian", tulad ng mga plastik na pagkain at telepono n may mga kable.

Kahit na hinahangad namin na magbigay ng napapanahon at tamang impormasyon, ang ilang impormasyon ay maaaring nagbago mula sa pag-impronta ng kasangkapang ito.

©2014 Children's Home Society of California

[www.chs-ca.org](http://www.chs-ca.org)



CHILDREN'S  
HOME  
SOCIETY OF  
CALIFORNIA

## 2 hanggang 3 Taon

### AKO AY MAAARING...

- Maglakad paakyat at pababa ng hagdan gamit ang isa paa (sa halip na dalawang paa) para sa bawat hagdan.
- Gustong gamitin nang higit ang isang kamay kaysa kabilang kamay.
- Bumigkas ng humigit-kumulang 50-300 salita at may mas mahusay na pagbigkas.
- Nagtatanong ng "Bakit?" nang maraming beses.
- Gumagamit ng mga pangungusap na may tatlong salita, tulad ng "Gusto kong kumain!"
- May maraming sumpong dahil ako ay nabibigo.
- Nagsasalita sa aking sarili upang magsanay ng mga bagong salita.
- Magagawang sabihin ang aking edad.
- Magpapakita ng interes sa paggamit ng palikuran.
- Magpapakita ng interes sa ibang mga bata.
- Magagawang buksan ang mga pintuan.
- Itugma ang mga bagay sa batay sa hugis at kulay.
- Kopyahin ang inyong mga salita at kilos.
- Alamin kung ako ay lalaki o babae.




### UPANG MAKATULONG SA AKING PAGLAKI...

- Kantahin ang awit ng alpabeto sa akin at basahin ang mga aklat na may mga kulay at hugis.
- Sipain at ihagis ang mga bola kasama ko.
- Tulungan ako na gawin ang mga bagay nang mag-isa, tulad ng pagbubutones.
- Bigyan ako ng mga pagkakataon na makipaglaro sa ibang mga bata.
- Magbasa sa akin.
- Magtanong sa akin ng mga tanong kapag ako ay nagpapatugtog, tulad ng "Ano ang iyong ginagawa?"
- Ilayo ang mga bagay na ayaw ninyong hawakan ko nang hindi ko naaabot.
- Bigyan ako ng apat na pirasong palaisipan at mapapatugtog na instrumentong musikal.
- Bantayan ako upang malaman kung ano ang gusto kong kainin at hindi. Maaari akong tumanggi sa mga pagkain.
- Magtanong sa akin tungkol sa kung ano ang nangyari sa nakalipas, tulad ng "Sino ang nagbigay ng laruang iyan?"
- Magbigay sa akin ng mga bead (1-1/2" haba) upang ilagay sa isang pisi. Tiyakin na hindi ko lunukin ang mga ito!

### AKO AY MAAARING...

- Magagawa ang maraming bagay nang sari, tulad ng pagsisipilyo ng aking ngipin, pagbibihis at pagkain.
- Makakaawit ng isang simpleng awit.
- Maging komportable na malayo sa inyo.
- Lutasin ang mga simpleng jigsaw puzzle.
- Maglaro ng maraming kunwa-kunwariang laro, tulad ng isang guni-guning kaibigan.
- Magsimulang unawain ang konsepto ng magkatulad/magkaiba.
- Magagawang hugasan ang aking mga kamay.
- Gumuhit ng bilog o parisukat kung mauuna kayong gumuhit.
- Maghintay sa aking turno at maki-share sa iba.
- Ipatong ang anim na bagay sa ibabaw ng bawat isa.
- Tumalon sa isang paa.
- Ipagpalit ang ilang salita kapag ako ay nagsasalita.
- Magpedal ng isang traysikel.
- Gumamit ng mga pangungusap na may lima o anim na salita.
- Gumamit ng mga salitang kilos (mga pandiwa).
- Maging sanay sa palikuran.
- Gumamit ng gunting.



### UPANG MAKATULONG SA AKING PAGLAKI...

- Himukin ako na magsanay sa pagguhit.
- Magbigay ng mapagpipilian upang magawa ako ng mga pasya.
- Makipag-usap sa akin sa isang paraan na gusto mong paraan kapag ako ay nakikipag-usap sa iba.
- Sa bagong mga karanasan, ihanda ako sa pamamagitan ng pagsasabi sa akin kung ano ang aasahan.
- Bigyan ako ng mga jigsaw puzzle na may apat o limang piraso.
- Hayaan akong lutasin ang mga problema, tulad ng pagresolba ng mga sigalot sa mga kaibigan o pagbibihis nang mag-isa hanggang kakailanganin ko ang inyong tulong.
- Patalbugin at saluhin ang malaking bola kasama ko.
- Bantayang akong mabuti habang ginugupit ko ang isang blunt/plastik na gunting.
- Turuan ako ng bagong mga salita at magbasa sa akin.
- Subukang panatilhin ang regular na iskedyul para sa oras ng aking paglalaro, oras ng pagkain, at oras ng pagtulog.
- Bigyan ako ng mga bagay na maaari kong itugma at bilangan, tulad ng mga bloke, mga tasa, at mga plastik na kutsara.



## 4 hanggang 5 Taon

### AKO AY MAAARING...

- Magsalita ng mga pangungusap na may lima o higit pang mga salita at magkwento..
- Alam ang karamihan sa mga kulay.
- Maging handa sa mga simpleng gawain, tulad ng pagtulong sa paghahanda sa mesa.
- Gumuhit ng tatsulok o diamond pagkatapos kayo maunang gumuhit.
- Magsabi ng mga salita na hindi ninyo gusto upang makita ko ang inyong reaksiyon.
- Maglakad sa tuwid na linya.
- Maglaro kasama ng, sa halip ng kasunod lang, ibang mga bata.
- Mahihirapan sa pagsasabi ng tunog na *f, l, r, s, v, o z*.
- Tumalon.
- Gustong magtanong tulad ng paano, kailan, at saan.
- Gumuhit ng mukha na may mga mata, bibig, at ulong.
- Magagawang itugma ang mga bagay batay sa sukat.
- Matutong magsulat ng alpabeto.
- Itulak ang aking sarili sa a-isang duyan.

### UPANG MAKATULONG SA AKING PAGLAKI...

- Hayaang suklayan ko ang aking buhok.
- Kumanta ng mga awitin na may mga galaw ng katawan.
- Tulungan ako na maunawaan ang kathang-isip mula sa katotohanan.
- Magtakda ng kapwa aktibo at tahimik na mga oras ng paglalaro.
- Himukin ako na gawin ang mga gawain nang mag-isa at humingi ng tulong kapag kailangan ko ito.
- Turuan ako sa paghuhugas at pagpapatuyo ng aking mga kamay.
- Hamunin ako. Makakapanimbang ba ako sa iisang paa sa loob ng limang segundo o higit pang mga segundo?
- Hayaan akong matuto sa aking sariling bilis, upang hindi ako masyadong maging bigo.
- Hayaan akong magplano ng mga gawain kasama kayo.
- Turuan ako ng mga katotohanan, tulad ng aking address, buwan ng kapanganakan, pangalan/apelyido, mga pangalan ng magulang, at numero ng telepono.

## 5 hanggang 6 na Taon

### AKO AY MAAARING...

- Malito kapag nagsasalita kayo tungkol sa mga pangyayaring magaganap o tatagal nang higit sa isang linggo o dalawa sa hinaharap.
- Magbilang hanggang 100.
- Nakakaalam na ang mga aklat ay binabasa mula kaliwa pakanan at sa itaas pababa.
- May maraming takot sa mga bagay-bagay, tulad ng dilim, mga hayop, at kulog
- Nakakaintindi sa kaibahan sa pagitan ng kaliwa at kanan.
- Saluhin ang bola, tumalon sa pisi, tumalon-talon, at umakyat nang maayos.
- Sumakay sa bisikleta.
- Magsanay sa pagsirko hanggang sa ako ay mahilo.
- Nahihirapan sa pagsasabi ng tunod ng *l* o *th*.
- Mas nagiging sensitibo sa nararamdaman ng iba.
- Magsulat ng aking pangalan na may ilang pagkakamali.

### UPANG MAKATULONG SA AKING PAGLAKI...

- Hayaan akong magbihis nang mag-isa.
- Maglaro ng mga laro, tulad ng "Follow the Leader" at "Simon Says."
- Turuan ako na itali ang aking liston.
- Bigyan ako ng mga bagay na mapaghihiwalay ko at muling maibabalik.
- Himukin at purihin ang aking mga pagsisikap.
- Bigyan ako ng mga palaisipan na may 10-15 piraso.
- EHimukin ako na gumamit ng mga salita tungkol sa aking nararamdaman.
- Magtanong sa akin ng mga tanong na masasagot ko.
- Bumisita sa mga museyo at mga fair na maaaring gusto ko.
- Hayaan akong sagutin ang telepono minsan.
- Kausapin ako tungkol sa aking mga pag-aalala at maging mapang-unawa.
- Bigyan ako ng mga aklat na may mga simpleng pangungusap upang tingnan at basahin.

